# Tunggaliang Festin at Fabella: Ang Halalang 1935 sa Kasaysayang Pampolitika ng Romblon[1]

Kristoffer R. Esquejo

## Panimula

Isa ang Romblon sa mga lalawigang bihirang-bihirang mabanggit kung hindi man tuluyang nakakalimutan ng mga historyador sa kasaysayang pambansa. Binubuo ng humigit-kumulang 1,355.9 kilometrong parisukat at humigit-kumulang 158 maliliit at malalaking pulo, ito ay madalas naitatampok lamang sa antas pambansa dahil sa tatlong bagay – *bagyo* na madalas dumaan at mag-iwan ng pagkawasak dito; *barko* na madalas lumubog sa tubigang nakapalibot dito; at *marmol* na sagana sa pulong kabesera nito at umani ng reputasyon para sa lalawigan bilang "*marble capital*" ng bansa (Esquejo 2010, 1-3).

Kung susuriin, hindi na ito dapat pagtakhan pa dahil sa dalawang salik – demograpiya at heograpiya. Bakit heograpiya? Bagama't nasa anyong kapuluan sa gitna ng kapuluang Filipinas, may sapat itong kalayuan sa Maynila at nahihiwalay pa ito sa lahat ng direksiyon – silangan ng Mindoro, timog ng Marinduque, kanluran ng Masbate at hilaga ng Panay. Dagdag pa rito, hindi nito kasimpalad ang Antique, bagama't isa ring mahirap na lalawigan, dahil kasama ng huli sa iisang pulo ang dalawang mayayamang lalawigan ng Capiz at Iloilo.

Bakit demograpiya? Batay sa sensus ng 2007, ito ay tahanan lamang ng humigit-kumulang 279,774 katao.[2] Ibig sabihin, maliit lamang ang kapangyarihang pampolitika na taglay nito na hindi sapat upang makaapekto sa pambansang politika at ekonomiya. Ito na nga ang dahilan kung bakit bibihira din ang mga politikong nagtutungo rito para mangampanya tuwing may halalan.

Ang ganitong kalagayan ng lalawigang kapuluan ay minsang nag-iba humigit-kumulang pitumpu't limang taon na ang nakararaan nang maganap ang isang ikutang pangyayari sa kasaysayang pampolitika di lamang sa Romblon kundi maging sa buong bansa – ang Halalan ng 1935.

Kung babalikan ang nasabing halalan, dito mismo tuluyang nailuklok sa pagka-Pangulo ng Pamahalaang Komonwelt ang makapangyarihang lider ng Partido